Agosto 6, 2021

**Pampaaralang Memorandum**
Blg. __34__ s, 2021

Sa: Mga guro ng Paaralan

**PAMPAARALANG PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021**

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1 - 31, alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang Paaralang Elementarya ng Graceville ay magdaraos ng Pampaaralang Pagdiriwang para sa taong kasalukuyan. Ang tema sa taong ito ay **"Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino".**

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa;
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito; at
   f. Magkaroon ng pagpapahalaga ang bawat guro at mag-aaral hinggil sa pansangay na adbokasiya ng Filipino (ALIWIN) sa pamamagitan ng aktibong pakikibahagi sa mga gawaing pangwika tungo sa lubusang pag-unlad ng Wikang Filipino.

3. Ipagdiriwang ang Buwan ng Wika batay sa sumusunod na lingguhang tema:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 2 – 6, 2021 | Wikang Katutubo: Tanghalan at Kalinangang Katutubo |
| Agosto 9 – 13, 2021 | Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani |
| Agosto 16 – 20, 2021 | Wikang Filipino: Bigkis ng Magkakalayong Pulo |
| Agosto 23 – 31, 2021 | Mga Wikang Katutubo sa Pagbubuo ng Pambansang Panitikan |

4. Ang pampaaralang paligsahan para sa bawat mag-aaral ay ang mga sumusunod:

| Baitang | Petsa at Oras | Mungkahing Birtuwal na Gawain/Paligsahan |
|---|---|---|
| Kinder | August 20, 2021<br>1 pm | Tula |
| Baitang 1 | August 13, 2021<br>10 am | Tula |
| Baitang 2 | August 13, 2021 | Tula |
| Baitang 3 | August 12, 2021 | Masining na Pagkukuwento |
| Baitang 4 | August 11, 2021 | Tula |
| Baitang 5 | August 2021 | Deklamasyon |
| Baitang 6 | August 9, 2021<br>10 am | I-ispil mo! |

5. Ang mga sertipiko at katibayan para sa magwawagi ay manggagaling sa mga gurong tagapayo.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**DIANALYN A. PALAGANAS PhD**
Principal II